# <u>BAGONG PILIPINAS HYMN</u>

## PANAHON NA NG PAGBABAGO

Panahon na ng pagbabago
Dahil sa ito ay kinakailangan

Tayo na magtulong-tulong
Na paunlarin ang mahal nating bayan

Panahon na ng pagbabago
Dahil sa ito ay kinakailangan
Tayo na magtulong-tulong
Na paunlarin ang mahal nating bayan

Panahon na ng pagbabago
At iayos ang mga dapat ayusin
Dapat lang maging tungkulin
Ng bawat mamamayan dito sa atin

Gawin ang pagbabago
Patungo sa pag-asenso
Magsikap na mabuti
At nang guminhawa tayo
Ipagmalaki natin sa mundo at ipamalas
Ang Bagong Pilipino at Bagong Pilipinas

Panahon na ng pagbabago
Tangkilikin natin ang sariling atin
At tama lang na ugaliin
Kaysa sa iba sa atin ang unahin

Panahon na ng pagbabago
At manguna sa kahit anong larangan
Ang tagumpay ay karangalan
Ialay o ihandog natin sa bayan

Ilang ulit nang napatunayan ng Pilipino
Ang husay at lakas, kagandahan at
talento
Handang makipag paligsahan

Kahit anong oras Ang bagong Pilipino,
ang Bagong Pilipinas

Panahon na ng pagbabago
Buhay natin ay gawing maaliwalas
Marami ang magandang bukas
Ang ibubunga ng Bagong Pilipinas
Gawin ang pagbabago
Patungo sa pag-asenso
Magsikap na mabuti
At nang guminhawa tayo
Ipagmalaki natin sa mundo at ipamalas
Ang bagong Pilipino at Bagong
Pilipinas.

PANAHON NA!

## BAGONG PILIPINAS PLEDGE

## PANATA SA BAGONG PILIPINAS

Bilang Pilipino, buong pagmamalaki
kong isasabuhay ang Bagong Pilipinas.

Buhay sa aking dugo ang lahing dakila,
magiting at may dangal

Palaging dadalhin sa puso, isip at diwa
ang aking pagmamahal sa kultura at
bayang sinilangan;

Kaisa ng bawat mamamayan, iaalay ko
ang aking talino at kasanayan sa
pagpapaunlad ng aking Bayan;

Taglay ang galing na naaayon sa mga
pandaigdigang pamantayan;

Magiging instrumento ako sa pagsulong
ng kagalingan, karunungan at
kapayapaan.

Makikiisa at makikilahok ako sa mga
adhikain ng pamahalaan dahil ang
kaunlaran ay hindi lamang
responsibilidad ng iilan.

Isusulong at pangangalagaan ko ang
karangalan, kalayaan at interes ng
aking bayang minamahal;

Bilang Pilipino na may pagmamahal,
pakialam at malasakit; hindi makasarili
kundi para sa mas nakararami;
tatahakin ko ang landas tungo sa isang
Bagong Pilipinas!